

## Paunawa sa Nalalapit na Pagpapahinto

## CHARGES

ADDRESS NG SERBISYO: NUMERO NG ACCOUNT: PETA SA NG PAUNAWA: PERIOD: DELINGKWENTE DELINGKWENTENG HALAGA:  
\$dSS  
\$dSS

LUMAMPAS NA SA TAKDANG PETA SA ANG IYONG ACCOUNT AT NASA ISTADO NG  
DELINGKWENTE SA PAGBABAYAD

Alinsunod sa SB 998 (Water Shutoff Protection Act), ang Lungsod ng Petaluma ay nagpatibay ng Polisiya sa Hindi Pagpapatuloy ng Serbisyo ng Tubig na naglalarawan ng mga pamamaraan na may kaugnayan sa pag-iwas sa hindi pagpapatuloy ng serbisyo ng tubig sa residensiyal dahil sa hindi pagbabayad. Mangyaring tingnan ang impormasyong kasama sa abisong ito tungkol sa mga opsyon sa pag-iwas sa pagpuputol ng tubig.

**DELINGKWENTENG HALAGA \$**

**PUPUTULIN ANG SERBISYO NG TUBIG SA MM/DD/YYYY**  
**KUNG HINDI NATANGGAP ANG DELINGKWENTENG BALANSE O KASUNDUAN BAGO MAG-**  
**5:00 PM SA MM/DD/YYYY**

KUNG PINUTOL ANG TUBIG, SISINGILIN KAYO NG KARAGDAGANG BAYAD. DAPAT MATANGGAP ANG BAYAD NG FINANCE DEPARTMENT CASHIER BAGO MAG-2:00 PM UPANG MAIBALIK ANG TUBIG NG 4:30 PM.  
KAILANGANG NARORON ANG RESPONSABLENG PARTIDO PARA MAIBALIK ANG SERBISYO NG TUBIG.

**PETA SA NG BILLING MM/DD/YYYY NUMERO NG ACCOUNT: DELINGKWENTENG HALAGA:**

**KASALUKUYANG BILLING PERIOD: DELINGKUWENTE XXXXXX-XX \$**

MANGYARING IPANGALAN ANG TSEKE SA: LUNGSOD NG PETALUMA  
PARA SA MGA KATANUNGAN SA UTILITY BILLING, TUMAWAG SA (707) 778-4350, OPSYON 3  
PARA SA AFTER HOURS EMERGENCY, TUMAWAG SA (707) 778-4546  
MGA ORAS: LUNES HANGGANG HUWEBES IKA-8 NG UMAGA HANGGANG IKA-5 NG HAPON

MANGYARING PILASIN AT IBALIK ANG IBABANG BAHAGI KASAMA NG INYONG BAYAD

## Mga Instruksiyon sa Pagbabayad

1. Ipangalan ang mga tseke sa "Lungsod ng Petaluma".

Pakisulat ang numero ng account sa iyong tseke.

2. Magbayad sa pamamagitan ng Telepono: Maaari kang tumawag sa 1-877-484-4346 kahit anong oras, araw o gabi, upang matiyak ang pagbabayad sa pamamagitan ng debit o credit card.

3. Pagbabayad sa pamamagitan ng Koreo: Mangyaring gamitin ang nakapaloob na sobre at isama ang return stub sa iyong babayaran. **ANG IYONG BAYAD AY DAPAT MATANGGAP NG LUNGSOD BAGO ANG PETA SA NG PAGPUPUTOL SA PAUNAWANG ITO.**

4. Pagbabayad ng Personal: Maaari mong bayaran ng personal ang iyong bills sa PETALUMA FINANCE DEPARTMENT, City Hall ng Petaluma, 11 English Street, Lunes hanggang Huwebes sa pagitan ng ika-10:00 AM at ika-2:00 PM.

5. Real-time na Pagbabayad: Magpatala bilang "eUser" sa <https://xeweb.cityofpetaluma.net>. Piliin ang "Mga Serbisyo ng Mamamayan" at "Mga Utility". I-click ang button ng "Mga Bagong User". Punan ang Impormasyon, at sundin ang mga instruksiyong sinasabi para makumpleto ang proseso ng pagpapatala at gumawa ng real-time na pagbabayad sa pamamagitan ng debit o credit card.

6. Online na Pagbabayad: Mag-sign up para sa online bill pay sa <https://www.onlinebiller.com/petaluma> para matiyak ang pagbabayad sa pamamagitan ng debit card, credit card o bank account, o mag-enroll sa auto-pay na awtomatikong ibabawas ang current amount ng iyong bill mula sa alinman sa debit card, credit card o bank account bago ang takdang petsa ng bill.

7. Pagbabayad sa pamamagitan ng Drop Box: Ang dalawang berdeng (noncash) na pagbabayad sa mga drop box ng Lungsod ay matatagpuan sa mga parking lot sa City Hall, 11 English Street, at Lucchesi Community Center, 320 N. McDowell Blvd. Kinukuha ang mga pagbabayad na ito mula Lunes hanggang Huwebes ng umaga hindi kasama ang mga pista opisyal.

**KUNG MAY PAGBABAGO SA ALINMAN SA MGA SUMUSUNOD, MANGYARING ILAGAY...**

Ang Pangalan Mo \_\_\_\_\_

Telepono sa Bahay \_\_\_\_\_

Mailing Address \_\_\_\_\_

Lungsod \_\_\_\_\_

State \_\_\_\_\_

Zip \_\_\_\_\_

## **Impormasyon sa Kontak**

Mga oras ng maaaring tumawag simula Lunes hanggang Huwebes mula 8:00 AM hanggang 5:00 PM - 707-778-4350, opsyon 3.

Start/Stop Service at Mga Tanong sa Billing 707-778-4350, opsyon 3. Email - [utilitybilling@cityofpetaluma.org](mailto:utilitybilling@cityofpetaluma.org).

Magbayad sa pamamagitan ng Telepono o Balance Inquiry (24 na oras na availability) 877-484-4346.

## **Delingkwenteng Pagbabayad**

Ang iyong account ay naging delingkwente nang hindi bababa sa 60 araw. Naipadala na ang mga naunang abiso patungkol sa iyong past due balance. Ang serbisyo ay maaaring madiskonekta.

Pakitingnan ang impormasyong kasama sa paunawang ito tungkol sa mga opsyon upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo ng tubig.

## **Tandaan**

Alinsunod sa SB 998 (Water Shutoff Protection

Act), ang Lungsod ng Petaluma ay nagpatibay ng Politika ng pagpuputol ng serbisyo ng tubig naglalarawan ng mga opsyon at pamamaraan para sa hindi pagpapatuloy ng serbisyo ng tubig sa residensiyal dahil sa hindi pagbabayad. Maaaring makuha ang Polisiya sa aming

opisina o tingnan sa website ng Lungsod sa

[www.cityofpetaluma.org](http://www.cityofpetaluma.org) sa loob ng Public Works at Utilities City Department.

●  Visite nuestra oficina o sitio web para obtener una traducción de este política.

● 如欲获取政策的译文，请访问我们的办公室或网站。

●  Mangyaring bisitahin ang aming opisina o website para sa isang pagsasalin ng Polisiyang ito.

●  Vui lòng đến văn phòng hoặc vào trang web của chúng tôi để xem bản dịch của Chính sách này.

● 이 정책에 대한 번역은 저희 사무실이나 웹 사이트를

방문하십시오.

## HUMIHILING NG ALTERNATIBONG KAAYUSAN SA PAGBABAYAD O AMORTIZATION NG BALANSE

Ipagpapatuloy ng Lungsod ang serbisyo sa residensyal para sa hindi pagbabayad kung ang kostumer ay handang pumasok sa Payment Plan. Sinumang kostumer ng tubig na hindi makabayad sa bill sa takdang petsa ay maaaring humiling ng alternatibo o planong amortisasyon ng iskedyl ng pagbabayad mula sa Departamento ng Pananalapi sa pamamagitan ng telepono o sa counter ng Departamento ng Serbisyong Komersyal ng Lungsod. Ang partikular na rason ay hindi kinakailangan upang humiling ng plano sa pagbabayad, at ang kawani ng mga Serbisyo ng Kostumer ay hindi hihiling ng sulat ng doktor o katunayan ng kita. Ang kostumer ay hindi maaaring humiling ng karagdagang alternatibong mga kaayusan sa pagbabayad ng anumang kasunod na hindi nabayaranang charges habang nagbabayad alinsunod sa Payment Plan.

Habang ang kasunduan at pagsunod sa mga pagbabayad sa Payment Plan ay naiiwasan ang pagpuputol ng serbisyo, ang account ay mananatiling delingkwente (kinakalkula ng orihinal na takdang petsa ng pagbabayad) hanggang ang lahat ng mga dapat bayaran kabilang ang mga current charges ay mabayaran.

Ang mga term sa Payment Plan ay iniaalok ayon sa pagpapasya ng departamento ng Pananalapi ngunit karaniwang nangangailangan ng partial down payment na may balanseng dapat bayaran sa loob ng 60 araw. Ang mga penalty sa late fee ay sususpindihin sa Payment Plan hangga't ang lahat ng kasunod na mga bill ay nababayaran sa takdang oras. Isasaalang-alang ng Lungsod ang mga kahilingan sa pag-amortize ng balanse sa loob ng takdang oras na hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan. Ang mga kahilingan para sa plano sa pagbabayad o amortization ng balanse ay dapat matanggap at malutas bago ang petsa ng pagpuputol ng serbisyo na tinukoy sa abiso sa pagtigil.

Kung papasok ka sa kasunduan sa plano ng pagbabayad para sa mga past due charge na dapat bayaran sa Lungsod, magpapatuloy ang iyong serbisyo hangga't sumusunod ka sa plano ng pagbabayad at hangga't nababayaran mo ang lahat ng kasunod na mga bill sa oras. Kung mabigo kang sumunod sa plano sa pagbabayad sa loob ng 60 araw o higit pa, o habang napapailalim sa Payment Plan para sa mga delingkwenteng charge hindi ka makakabayad ng mga bill sa takdang oras sa loob ng 60 araw o higit pa, maaaring itigil ang serbisyo sa huling 5 araw ng negosyo pagkatapos mag-post ang Lungsod ng Huling Abiso ng Layunin na Idiskonekta ang Serbisyo sa lugar na kitang-kita sa address ng serbisyo. Ang kostumer na makakatanggap ng Panghuling Paunawa ng Layunin na Idiskonekta ang Serbisyo ay hindi magkakaroon ng karapatan sa anumang pag-iimbestiga, kaayusan sa pagbabayad, o pagsusuri ng Lungsod. Itutuloy ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa mga walang bayad sa Sabado, Linggo, o ligal na Pista Opisyal.

## RELASYON NG MAY-ARI AT NANGUNGUPAHAN

Kung hindi ikaw ang kasalukuyang may-ari ng account para sa serbisyo ng tubig ngunit nangungupahan sa property na ito, ikaw ay indibidwal o kasama ng sinumang nangungupahan sa property, ay may karapatang maging kostumer.

- Mga Nangungupahan/Mga Naninirahan sa Residensyal na may Solong Metro – may karapatang maging mga kostumer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, hangga't handa silang panagutan sa pananalapi para sa mga susunod na charge sa serbisyo ng tubig sa address na iyon. Upang ang halagang dapat bayaran sa

delingkwenteng account ay manatiling responsibilidad ng naunang may-ari ng account, ang nangungupahan/naninirahan ay dapat magbigay ng beripikasyon ng pangungupahan sa uri ng kasunduan sa pag-upa o katibayan ng mga pagbabayad sa upa.

- Mga Nangungupahan/Mga Naninirahan sa Multi-Unit Complex Served sa pamamagitan ng Metrong Master – may karapatang maging mga customer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, hangga't handa maging handa sila sa responsibilidad ng pagbabayad para sa kasunod na mga charge sa serbisyo ng tubig sa mga address na ibinigay ng master meter. Kung ang isa o higit pa sa mga naninirahan ay handa at kayang bayaran ang responsibilidad para sa mga kasunod na charge sa serbisyo ng tubig sa kasiyahan ng Lungsod, o kung mayroong pisikal na paraan, na ligal na magagamit ng Lungsod, na putulin ang serbisyo sa mga nakatira na hindi pa natutugunan ang mga kinakailangan sa serbisyo, ang serbisyo ay ipapagamit ng Lungsod sa mga nakatira na natutugunan ang mga kinakailangang iyon.

### MULING PAGBABALIK NG SERBISYO

Kung ang serbisyo ay pinutol dahil sa hindi pagbabayad, ang lahat ng mga delingkwenteng charge at kaugnay na mga fee ay dapat bayaran nang buo, bago ibalik ang serbisyo. Muling ibabalik ng Lungsod ang serbisyo sa lalong madaling panahon sa sandaling matanggap ang bayad sa lahat ng mga charge na maiuugnay sa pagpuputol ng serbisyo. Sa araw ring iyon na ibabalik ang serbisyo sa mga normal na oras ng trabaho (8:00 am – 4:30 pm), dapat matanggap ang bayad bago mag-2:00 ng hapon. Ang pagbabalik ng serbisyo pagkalipas ng 4:30 ng hapon sa mga araw ng negosyo ay pagbabayaran ng after-hours fee na itinakda sa naaangkop na Iskedyul ng Rate at Fee ng Lungsod. Hindi maibabalik ang serbisyo pagkatapos ng mga regular na oras ng negosyo maliban kung ang kostumer ay naabisuhan ng after-hours fee at binayaran ang lahat ng mga delingkwenteng charge at fee na dapat bayaran sa pagsasara ng negosyo sa araw na ibabalik ang serbisyo.

### HUMIHILING NG BILL REVIEW O PAGSASAMPA NG REKLAMO

Ang kostumer ay maaaring humiling ng bill review o apela. Upang simulan ang apela, ang kostumer ay dapat na abisuhan ang Lungsod sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa Opisina ng Klerk sa Lungsod ng Petaluma, na matatagpuan sa 11 English Street, Petaluma, California 94952 na itinatangi ng kostumer na wasto ang bill o iba pang aksyon ng Lungsod sa ilalim ng Polisyang ito at humiling ang Direktor ng Pananalapi ng Lungsod o ang kanyang itinalaga na suriin o imbestigahan sa loob ng labinlimang (15) araw mula sa petsa ng pinagtatalunang bill o anumang paunang abiso ng pagkakatigil ng serbisyo. Kung naniniwala ang kostumer na nabayaran na ngunit hindi nai-rekord sa kanilang account, kinakailangan ng kostumer na magpakita ng resibo, kinanselang tseke o iba pang kasiyasiyang ebidensya upang patunayan ang pagbabayad at bigyang-daan ang Lungsod na maghanap ng resibo ng bayad. Kung ang itinatangi ng kostumer ay hindi naresolba ng Direktor ng Pananalapi, aabisuhan ang kostumer sa loob ng 60 araw ng abiso ng apela ng kostumer sa petsa ng pagdinig sa apela sa harap ng opisyal ng pagdinig alinsunod sa Seksyon 1.14.090(B) ng Petaluma Municipal Code.

Mangyaring makipag-ugnayan sa Departamento ng Serbisyong Komersyal ng Lungsod sa Departamento ng Pananalapi sa 11 English St para sa mga tanong tungkol sa paunawa o mga opsyon sa tulong na ito; o tumawag sa numero ng telepono ng Customer Service (707) 778-4350, opsyon 3, sa

mga normal na oras ng negosyo, maliban sa mga pista opisyal; o mag-email sa amin sa [utilitybilling@cityofpetaluma.org](mailto:utilitybilling@cityofpetaluma.org).

Ang Polisiyang ng Lungsod ng Petaluma para sa Koleksyon at Pagpapatigil ng Serbisyo sa Tubig sa Residensyal para sa Hindi Pagbabayad ay makukuha sa Departamento ng Pananalapi ng Lungsod sa 11 English Street, Petaluma, California, 94952 o sa website ng Lungsod sa [www.cityofpetaluma.org](http://www.cityofpetaluma.org) sa loob ng Public Works and Utilities City Department.

#### MGA PAGSASALIN

\* Visite nuestra oficina o sitio web para obtener una traducción de este aviso.

\*请访问我们的办公室或网站，以获取本通知的翻译。

\* Mangyaring bisitahin ang aming opisina o website para sa pagsasalin ng paunawang ito.

\* Vui lòng truy cập văn phòng hoặc trang web của chúng tôi để dịch bản thông báo này.

\*이통보서를번역할사무소나웹사이트를방문하십시오.